# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 03, 2025, LUNES, IKA-10:00 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 27 JUN 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: JUN 2025 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 070-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2025/ KAUTUSAN BLG. 01-T2025 NA HINDI PINAHIHINTULUTAN ANG SOBRANG INGAY MULA IKA-10:00 NG GABI HANGGANG IKA-5:00 NG UMAGA SA NASASAKUPAN NG BARANGAY OOGONG, SANTA CRUZ, LAGUNA, RESIDENSYAL MAN O PAMPUBLIKONG LUGAR PARA SA KATAHIMIKAN AT KAAYUSAN NG MGA MAMAMAYAN NA NANINIRAHAN DITO.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Oogong sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 01-T2025 / Kautusan Blg. 01-T2025 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Kautusan at Batas at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** layunin ng Sangguniang Barangay ng Oogong na mapanatili ang kaayusan, katahimikan at kalusugan ng mga mamamayan sa nasabing barangay;

**SAPAGKAT**, matapos ang pag-aaral at pagsusuri ay ipinasiya ng Tagapamuno ng Lupon sa na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw ( Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Mark Anthony M. Juangco at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T2025/ Kautusan Blg. 01-T2025 na Hindi Pinahihintulutan ang Sobrang Ingay mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga sa nasasakupan ng Barangay Oogong, Santa Cruz, Laguna, residensyal man o pampublikong lugar para sa katahimikan at kaayusan ng mga mamamayan na naninirahan dito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, DILG at Sangguniang Barangay ng Oogong, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 03, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumanap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 25